# أحكام صلاة الجماعة باللغة الفلبينية

# MGA KATURUAN SA SALATUL JAMAAH (GRUPONG DASAL)

**Sumailalim sa pamamahala ni:**
**Shaykh Haitham bin Muhammad Sarhan حفظه الله**

**Dating Guro sa Mahad Haram sa Al-Masjid An-Nabawiy – Tagapangasiwa ng Mahad As-Sunnah**

MAHADSUNNAH.COM ALSARHAAN.COM

Sinabi ni Allah ﷻ sa Qur'an: "Ang mga tunay na nangangalaga ng mga bahay sambahan ng Allah ﷻ ay kung sino ay tunay na nanampalataya sa Allah ﷻ at sa araw ng paghuhukom, itinatayo nila ang Salah (Pagdarasal) at nagbibigay ng Zakat (Kawang-gawa) at walang ibang kinakatakutan liban sa Allah ﷻ, nawa'y sila ay mabilang sa mga ginabayan".

Ang pag-aalaga sa mga bahay sambahan ng Allah ﷻ ay sa pamamagitan ng pagsasagawa ng Salatul Jamaa'ah o grupong pagdarasal at ito ay nabibilang sa pinakamataas na pagsamba at paglapit sa Allah ﷻ.

Sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ: "Ang dasal ng kasama ang grupo ay mas mainam ng dalawampu't pitong beses kesa sa dasal ng mag-isa".

Ang Salah o dasal sa Masjid ay obligado sa pinakatamang opinyon ng mga iskolar, ito ay obligado sa lahat ng lalake na nasa wastong edad, may abilidad na marinig ang panawagan sa dasal.

Sinabi ng Allah ﷻ sa Qur'an: "At kung ikaw o Sugo ni Allah ay kasama sa kanila na lumalaban at nais mong pangunahan sila sa Salah, hatiin ang iyong grupo sa dalawa; grupo na iyong kasamang magdadasal at grupo na hawak ang kanilang mga armas..". Dito ay ating makikita na ang dasal kasama ang grupo ay obligado sa panahon ng gyera, walang duda na ito ay mas ipinaguutos sa panahon ng kaligtasan.

At sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ: "Sinuman ang marinig ang panawagan sa dasal at ito ay hindi niya ginampanan sa oras nito ang

kanyang dasal ay hindi tanggap liban na siya ay may katanggap-tanggap na dahilan, at kung sino ang magdasal ng mag-isa, ang kanyang Salah ay tama". Ngunit nawala sa kanya ang gantimpala ng dasala kasama ang grupo at maari na nakagawa ng kasalanan sa pag-iwan ng obligado.

Ang grupo para sa dasal ay nagsisimula sa dalawang tao, sa sinabi ng Propeta Muhammad ﷺkay Malik ibn Al-Huwair at sa kanyang kasama: "Kapag dumating ang oras ng Salah, kayo ay manawagan para dito, at pangunahan ng mas matanda sa iyong dalawa ang Salah".

Maaaring makahabol ang dasal ng grupo sa paghabol sa kanila bago sila ay yumuko, sa sinabi ng Propeta Muhammad :ﷺ "Sinuman ang makahabol sa Ruko'o (pagyuko) nahabol niya ang Salah".

Sa oras na nanawagan na para sa obligadong dasal, hindi na maari sa kahit sinuman ang magsagawa ng kusang loob o boluntaryong dasal, sa sinabi ng Propeta Muhammad " :ﷺKapag nanawagan na para sa Salah, wala ng dapat idasal kundi ang obligado". Kapag nakapagsimula na ang isang Muslim sa kanyang boluntaryong dasal at siya ay nasa unang bilang pa lamang at nanawagan na para sa obligadong dasal, ito ay kanyang puputulin at sasama sa obligadong dasal, kapag siya naman ay nasa pangalawang bilang, ito ay maari niyang tapusin ng mabilisan at hahabol sa obligadong dasal kasama ang grupo.

Ang isang Muslim ay walang kasalanan sa kanyang pagliban sa dasal ng grupo, at ito ay nasa ilang sitwasyon:

- Kapag ang isang Muslim ay may sakit, sakit na mas lulubha sa kanyang pagpunta sa masjid para sa Salah kasama ang grupo.

- Ang Muslim na may problema sa kanyang pag-ihi at dumi, o ang tao na gutom at mas kailangan na muna niya kumain.

- Ang Muslim na natatakot mula sa kapahamakan ng kanyang sarili, kayamanan o pamilya.

-Ang Muslim na natatakot na maiwan sa kanyang biyahe, dahil hindi siya mapapanatag sa kanyang dasal.

-Kapag may malakas na ulan, yelo o hangin na magdudulot ng pinsala sa tao, sa Hadith ni Ibn Omar رضي الله عنه kanyang sinabi na ang Propeta Muhammad ﷺ ay inuutusan kami na magdasal sa aming mga tahanan kapag malamig ang gabi at malakas ang hangin.

والله تعالى أعلم...